

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Enero 1, 2017

PANIMULA:

Tinitiyak ng Saint Peter's University Hospital ("SPUH"), at ng lahat ng mahalagang nauugnay na entity, na ang lahat ng pasyente ay nakakatanggap ng mahalagang serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa panahon ng emergency at iba pang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan sa pangagamot anuman ang katayuang pampinansyal nila.

I. PAGIGING KWALIPIKADO:

A. Mga Pasyenteng Walang Insurance

Sinusuri ng Resource Services ng SPUH ang lahat ng account para sa mga pasyenteng walang insurance (magbabayad mula sa sariling bulsa). Kinakailangan sa prosesong ito na salain ang dami ng pasyenteng ito para sa potensyal na pagiging kwalipikado para sa mga programa ng tulong ng Estado o Pederal pati na rin ang pagbibigay-alam sa lahat ng pasyente, kinatawan, nagrekomendang doktor at empleyado ng SPUH na maaaring humiling ng tulong pinansyal.

➤ Charity Care (Kawanggawang Pangangalaga)

Ang mga pasyenteng hindi nakakatugon sa mga kinakailangan ng Medicaid/New Jersey Family Care ay sasalain para sa New Jersey Charity Care Program:

- Ang kita ng pamilya (batay sa laki ng pamilya) ay dapat mas mababa o katumbas ng dalawang daang porsyento ng federal poverty level ("FPL") upang maging kwalipikado para sa libreng pangangalaga. Para sa Mga Indibidwal, hindi dapat lumampas ang halaga ng mga ari-arian sa \$7,500 at, para sa Pamilya, hindi dapat lumampas ang halaga ng mga ari-arian sa \$15,000.

Upang makumpleto ang mga aplikasyon, kailangang ibigay ng aplikante ang mga sumusunod na dokumento:

- Maaayos na dokumento ng pagkakakilanlan ng pasyente at pamilya;
- Patunay ng paninirahan sa New Jersey (sa petsa ng serbisyo) (*Paalala: Hindi ito kailangan sa Pang-emergency na Pangangalaga*);
- Patunay ng gross income (kabuuang kita bago ang mga kaltas); at
- Patunay ng mga ari-arian (sa petsa ng serbisyo).

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

Ibibigay ang isang kumpletong listahan ng mga kinakailangang dokumento sa panahon ng aplikasyon.

Kapag nakumpleto na ang aplikasyon, pagpapasyahan ng SPUH ang pagiging kwalipikado para sa FAP sa loob ng sampung (10) araw. Kung napag-alamang hindi kumpleto ang aplikasyon, maglalabas ang SPUH ng nakasulat na pahayag ng pagtanggì na nagdedetalye tungkol sa karagdagang dokumentong kailangan upang maaprubahan. Maglalaan ang SPUH ng dalawampu't apat (24) na buwan mula sa petsa ng serbisyo upang makumpleto ng aplikante ang kanyang aplikasyon.

Sa panahon ng pagpapasya sa pagiging kwalipikado, susuriin namin ang lahat ng balanse sa account at gagawin ang mga kinakailangang pagsasaayos at pag-refund, kung naaangkop.

Programang Tulong Pinansyal:

Hindi kinakailangan ng nakasulat na aplikasyon para sa aming FAP, ngunit gagamitin namin ang mga nakuhang datos (mula sa lahat ng potensyal na mapagkukunan sa loob at labas ng institusyon) sa pag-assess sa pagiging kwalipikado para sa Kawanggawang Pangangalaga o iba pang mga programa ng Pamahalaan sa pagpapasya sa naaangkop na halagang sisingilin batay sa rate structure.

Pinapatotoo ng SPUH ang pagiging kwalipikado para sa pagsaklaw ng third-party sa pamamagitan ng produkto ng Relay Health Clearance.

Ang lahat ng pasyente na nananatiling nagbabayad mula sa sariling bulsa dahil sa hindi pagiging kwalipikado para sa mga programa ng tulong ng Estado at Pederal, hindi pagsunod, o walang kakayahang makapagbayad (o makapag-sign up) para sa pinakamababang mahalagang saklaw sa ilalim ng Affordable Care Act ay ipagpapalagay na potensyal na kwalipikado para sa Tulong Pinansyal at babawasan ang kanilang mga babayaran sa halagang mas maliit sa:

- halagang kinakalkula alinsunod sa sliding scale ng New Jersey kung papatak ito sa 201% hanggang 300% ng "FPL";
- 115% ng mga rate ng Medicare kung nasa pagitan ang mga ito ng 301% hanggang 500% ng FPL; o
- mga porsyento ng Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed o "AGB") ayon sa pagpapakahulugan sa **EXHIBIT I**.

Ang pagiging kwalipikado sa FAP ay maaaring i-update anumang oras sa cycle ng pagsingil at pagkolekta.

Ang isang indibidwal na pinagpasyahang makakatanggap ng mas maliit sa pinakamalaking halaga ng tulong na available sa ilalim ng FAP ay bibigyan ng sumusunod:

- Abiso hinggil sa batayan para sa ipinagpalagay na pagpapasya ukol sa pagiging kwalipikado sa FAP at paliwanag sa kung paano sila maaaring humiling ng mas malaking halaga ng tulong;

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

- Makatwirang yugto ng panahon, na karaniwang hanggang 30 araw, upang humiling ng mas malaking halaga ng tulong bago sumailalim sa Extraordinary Collection Actions ("ECAs"); at
- Muling pagpapasya hinggil sa katayuan sa pagiging kwalipikado sa FAP ng indibidwal kung natanggap ang isang kahilingan para sa mas malaking halaga ng tulong.

B. Mga Pasyenteng May Insurance

Ang lahat ng pasyenteng kwalipikado para sa FAP na may aktibong insurance sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi personal na mananagot para sa pagbabayad ng higit sa AGB, na pinakahulugan sa ibaba, hindi kasama ang lahat ng reimbursement ng insurer ng kalusugan na nailapat na sa kanyang account.

Kung sakaling may insurance ang pasyente at hindi sinasaklaw ng insurance ang 100% ng gastusin, maaari ding maging kwalipikado ang pasyente para sa libre o may diskwentong pangangalaga.

II. BATAYAN PARA SA KALKULASYON NG BAYARIN Para sa Programa ng Tulong Pinansyal – Mga Halagang Karaniwang Sinisingil:

Ang batayan para sa kalkulasyon ng AGB ay batay sa paggamit sa "Look-Back Method" na kinakalkula batay sa mga pinapayagang claim (kasama ang responsibilidad ng insurer at indibidwal) sa loob ng labingdalawang buwang panahon. Ang kalkulasyon at mga nauugnay na bayarin ay idinedetalye sa **EXHIBIT II** para sa bawat isang entity na sinasaklaw sa ilalim ng patakarang ito.

Ang pagpapasya ng AGB at ang pamamaraang ginamit ay pagpapakahulugan at kakalkulahin kahit kada taon lang.

Ang mga indibidwal na kwalipikadong makatanggap ng FAP ay hindi sisingilin ng halaga para sa pang-emergency na pangangalaga at iba pang kinakailangang pangangalaga para sa panggagamot na mas malaki kaysa sa AGB – ***samakatuwid, hindi ipapataw ng SPUH ang mga singiling walang kaltas sa mga indibidwal na kwalipikadong makatanggap ng FAP para sa anumang pangangalaga na kinakailangan sa panggagamot.***

III. PATAKARAN SA PAGKOLEKTA:

Ang mga sumusunod na pamantayan ay binuo upang matiyak na ginawa na ang lahat ng pagsusumikap upang masigurong hindi kwalipikado ang pasyente para sa isang programa ng Pamahalaan, mayroon silang access o paraan upang makakuha ng saklaw ng insurance sa kalusugan ng third-party, at ginawa natin ang lahat ng makatwirang pagsusumikap upang makolekta ang natitirang obilgasyong babayaran – kabilang ang katayuan sa pagiging kwalipikadon sa FAP (at kung kwalipikado, tiyaking isinaayos na ang mga bayarin/singilin sa mga naaangkop na antas). Kabilang sa mga pamantayan ang mga sumusunod:

- 1) Ang matatanggap na balanse sa mga account ay dapat makumpirma bilang isang responsibilidad na bayarin ng pasyente (o guarantor). Kung ang account ay dati nang

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

naging kwalipikado sa Medicaid o Kawanggawang Pangangalaga, magsusumikap kaming balikan ang kasalukuyang dokumentasyon at magsuri para sa potensyal na pagiging kwalipikado.

- 2) Mayroon dapat dokumentasyon sa mga talaan ng account, kung saan naipadala na sa kasalukuyang nakatalang address ang kahit **apat (4) na post-discharge billing statement** na may nakumpirmang balanse ng pasyente. Ang mga mensahe sa pahayag ay may katangiang progresibo – kung saan ang huli ay nagbibigay ng malinaw na mensahe na, pagkatapos ng 30 araw mula sa petsa ng abisong ito, kung mababayaran nang buo ang balanse, o bumuo ng isang plano sa pagbabayad, magiging kwalipikado ang account para mailagay sa isa sa aming mga ahensyang nangongolekta sa labas ng institusyon. Pakitandaan na ang "30 araw" na abisong ito ay dapat ding:
 - Bigyan ang indibidwal ng nakasulat na abiso na nagsasaad na available ang tulong pinansyal para sa mga kwalipikadong indibidwal;
 - Magsama ng paglalarawan sa anumang iba pang mga ECA na nilalayong gawin ng SPUH bilang karagdagan sa pagpapadala sa isang ahensyang nangongolekta sa labas ng institusyon (mangyaring sumangguni sa numero 5 sa ibaba); at
 - Magsama ng kopya ng PLS.

Bukod pa rian, kailangang magsumikap ang SPUH na sabihan nang personal ang indibidwal tungkol sa FAP.

- 3) Mayroon dapat pinakamaikling panahon na **120 araw, mula sa petsa ng unang post-discharge billing statement**, bago ang anumang write-off para sa hindi na mababawing utang (bad debt) at potensyal na rekomendasyon sa isa sa aming mga ahensyang nangongolekta sa labas ng institusyon.
- 4) Kung anumang oras ay maabisuhan ang aming ahensyang nangongolekta sa labas ng institusyon na ang pasyente/guarantor ay kwalipikadong makatanggap ng FAP, papanatilihin ng ospital ang opsyong:
 - a. Bawiin ang account mula sa ahensyang nangongolekta at simulang muli ang proseso ng pagkolekta nang naisaayos na ang balanse sa kundisyon na ang pasyente/guarantor ay hindi nagbabayad ng higit sa kanilang responsibilidad bilang isang indibidwal na kwalipikado sa FAP at i-refund ang anumang mga ibinayad na sobra sa isinaayos na balanse (kung mas malaki sa \$5); o
 - b. Ipapanatili sa ahensyang nangongolekta ang account at simulang muli ang proseso ng pagkolekta nang naisaayos na ang balanse sa kundisyon na ang pasyente/guarantor ay hindi nagbabayad ng higit sa kanilang responsibilidad bilang isang indibidwal na kwalipikado sa FAP at i-refund ang anumang mga ibinayad na sobra sa isinaayos na balanse (kung mas malaki sa \$5).

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

- 5) Bilang karagdagan sa ikaapat na numero (idinetalye sa itaas – "4"), pagkatapos mapagpasyahan ang pagiging kwalipikadong makatanggap ng FAP, maaaring magsagawa ang SPUH ng mga karagdagang ECA kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - a. Pagkilos na nangangailangan ng legal o panghukumang proseso – kabilang ang mga lien, pagremata, sibil na pagkilos;
 - b. Pag-uulat ng hindi magandang impormasyon sa mga ahensya o kawanihan ng kredito; at
 - c. Pag-antala, pagtanggì, o paghingi ng bayad bago mag-atas ng pangangalagang hindi kinakailangan sa panggagamot o pang-emergency na pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad para sa nakaraang ibinigay na pangangalaga na sinasaklaw sa ilalim ng FAP.

IV. PATAKARAN SA PANG-EMERGENCY NA PANGANGALAGA PARA SA PANGGAGAMOT

Ang mga pasyenteng pumapasok at ginagamot sa Emergency Department ay makatanggap ng naaangkop na pangangalaga nang hindi isinasaalang-alang ang kanilang kakayahang magbayad o pagiging kwalipikado para sa tulong pinansyal. Hindi maaantala ang eksaminasyon o panggagamot upang matiyak ang insurance, pagiging kwalipikadong makatanggap ng FAP, o katayuan sa pagbabayad alinsunod sa mga regulasyon ng Emergency Medical Treatment and Active Labor Act (EMTALA).

V. MGA PROVIDER, BUKOD SA PASILIDAD NG OSPITAL NA NAGBIBIGAY NG MGA PANG-EMERGENCY NA SERBISYO O IBA PANG MGA SERBISYONG KINAKAILANGAN SA PANGGAGAMOT AT KUNG SINASAKLAW ANG MGA ITO SA ILALIM NG FAP NG SPUH

Tingnan ang Exhibit III para sa listahan ng mga provider, bukod sa pasilidad ng ospital, na nagbibigay ng mga serbisyong pang-emergency o iba pang serbisyong kinakailangan sa panggagamot sa pasilidad ng ospital, kabilang na ang kanilang pagkakasaklaw sa ilalim ng FAP ng SPUH. Pakitandaan na ang Exhibit na ito ay ia-update, kahit tuwing apat na buwan lang, kung kailangan.

VI. PAGBIBIGAY NG ABISO TUNGKOL SA FAP / PAGSASAPUBLIKO NG FAP

Ang mga sumusunod na panukala ay naipatupad na upang matiyak na ang impormasyon hinggil sa FAP ng SPUH ay "malawakang naisasapubliko", available, at nakakalkula upang maabot ang mga miyembrong maaaring humiling ng aming mga serbisyo.

- a) Ang FAP ng SPUH at ang isang Plain Language Summary ("PLS") ng FAP ay available sa aming website -- www.saintpetershcs.com.

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

- b) Ang mga papel na kopya ng FAP at PLS ay makukuha nang libre kapag hiniling sa pamamagitan ng mail at ibinibigay rin sa iba't ibang lugar sa mga pasilidad ng ospital – kabilang ang Admissions, Patient Registration, Emergency Room Department, Resource Services, at Patient Discharge. Ang lahat ng nakasulat na kahilingan ay dapat ipadala sa:

**Saint Peter's University Hospital
Attn: Resource Services
254 Easton Avenue
New Brunswick, NJ 08901**

- c) Ang mga binanggit na kahilingan para sa mga papel na kopya ng FAP at PLS ay makukuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa:

**Saint Peter's University Hospital
Department: Resource Services
Telephone #: 732.745.8600 Extension: 5019**

- d) Nangangako ang SPUH na mag-alok ng tulong pinansyal sa mga kwalipikadong pasyente na walang kakayahang magbayad para sa kanilang mga medikal na serbisyo nang buo o bahagi lang nito. Upang maisakatuparan ang layuning pagkakawanggawa na ito, ang SPUH, at ang lahat ng mahalagang may kaugnayang entity, ay malawakang isasapubliko ang FAP at ang PLS sa mga komunidad na aming pinagsisilbihan.
- e) Ang FAP at ang PLS ay available sa Ingles at iba pang mga wika na bumubuo sa mas kaunti ng 5% o 1,000 indibidwal sa loob ng pangunahing pinagseserbisyuhang lugar ng SPUH.
- f) Signage na nag-aabiso sa mga pasyente/guarantor na ang aming FAP ay ilalagay sa mga kapansin-pansing lokasyon, kabilang ang mga lugar ng Admission Department, Ambulatory Services, at Emergency Room, at magbibigay ng numero ng telepono at lokasyon ng tanggapan na maaaring magbigay ng impormasyon sa pag-apply para sa aming FAP.

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

VII. EXHIBIT I – MGA RATE NG MGA HALAGANG KARANIWANG SINISINGIL (AGB) RATES / LISTAHAN NG MGA BAYARIN (bilang porsyento ng mga singilin)

Saint Peter's University Hospital (SPUH)

- **Pagle-labor at Panganganak**
 - Ina – Rate Batay sa Sitwasyon
 - Normal na Panganganak: 18.3%
 - C-Section na Panganganak: 21.3%
 - Bagong Panganak – Bawat Araw
 - Nursery: 27.7%
 - NICU: 17.2%
- **Medical / Surgical Bed: 15.1% of Charges**
- **Operasyon sa Parehong Araw : 18.5%**
- **Panggagamot sa Parehong Araw : 23.6%**
- **Cardiac Catherization: 13.6%**
- **Sleep Lab: 22.4%**
- **Obserbasyon: 20.0%**
- **Emergency Department:**
 - **281: 53.0%**
 - **282: 51.0%**
 - **283: 28.0%**
 - **284: 12.5%**
 - **285: 10.1%**
 - **Critical Care: 24.7%**

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

- **Bariatric Surgery: 20.8%**

EXHIBIT I – MGA RATE NG AGB / LISTAHAN NG BAYARIN – Ipinagpatuloy

- **Cyber knife: 29.4%**
- **Mga Pagpapatingin sa Klinika: 21.0%**
- **Laboratory at Pathology Lang: 19.8%**
- **Radiology (hindi kasama ang Cyber knife): 21.5%**
- **Lahat ng iba pang Out-patient: 21.9%**

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

EXHIBIT II – BATAYAN PARA SA BAYARIN (KALKULASYON NG AGB)

Saint Peter's University Hospital (SPUH)

Pinili ng Saint Peter's University Hospital na gamitin ang Pamamaraang "Look-back" para sa pagkalkula sa Mga Halagang Karaniwang Sinisingil ("AGB"). Ang porsyento ng AGB ay kinakalkula sa bawat taon batay sa naunang 12 buwang panahon at kinabibilangan ng mga sumusunod na pangkat ng nagbabayad:

1. Medicare Fee-for-Service; at
2. Mga Pribadong Insurer ng Kalusugan (kasama ang Medicare Advantage).

Hindi sisingilin ang isang pasyenteng kwalipikadong makatanggap ng FAP ng halagang mas malaki sa AGB para sa pang-emergency na pangangalaga o iba pang pangangalaga na kinakailangan sa panggagamot.

Saint Peter's University Hospital

Patakaran ukol sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy o "FAP")

EXHIBIT III - MGA PROVIDER, BUKOD SA PASILIDAD NG OSPITAL NA NAGBIBIGAY NG MGA PANG-EMERGENCY NA SERBISYO O IBA PANG MGA SERBISYO NA KINAKAILANGAN SA PANGGAGAMOT AT KUNG SINASAKLAW ANG MGA ITO SA ILALIM NG FAP NG SPUH

Simula noong: Enero 1, 2016

Mga Provider (Pangalan ng Entity)	Sinasaklaw sa ilalim ng FAP	Hindi Sinasaklaw sa ilalim ng FAP
Saint Peter's Specialty Physicians (SPAC)		Oo
Saint Peter's Healthcare System Physician Associates, PC		Oo
Gianna Physician Practice of New York, PC		Oo
EMCARE		Oo
Sovereign Oncology		Oo
Saint Peter's Specialty Physicians, PC		Oo
Cares Surgical Center		Oo
University Radiology Group		Oo
(Skillman) Urgent Care Center		Oo
Modern Diagnostics		Oo
Anesthesia Consultants of New Jersey		Oo

Paalala: Ang kalakip na listahan ay isang kumpletong listahan ng lahat ng "aktibong" doktor simula noong Enero 1, 2016